Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Los Baños
Special Science and Nature City
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
2/F, Municipal Building, National Highway, Brgy. Timugan, Los Baños, Laguna, 4030
Tel. Nos. : (049) 530 2981; 530 2952; 530 2953; 530 2818 Local: 2001

BAGONG PILIPINAS

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-APATNAPU'T TATLO (43RD) PANGKARANIWANG PULONG NG 12TH SANGGUNIANG BAYAN NOONG HUNYO 8, 2026 NA GINANAP SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL, NATIONAL HIGHWAY, BRGY. TIMUGAN, LOS BAÑOS, LAGUNA.

Mga Dumalo :

Kgg. Marlo PJ A. Alipon	Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan
Kgg. Miko C. Pelegrina	Kagawad
Kgg. Aldous Amiel B. Perez	Kagawad
Kgg. Muriel Laisa B. Dizon	Kagawad
Kgg. Leren Mae M. Bautista	Kagawad
Kgg. Benedicto S. Alborida	Kagawad
Kgg. Rand Edouard S. De Jesus	Kagawad
Kgg. Myla E. Alinsunurin	Kagawad
Kgg. Jay G. Rolusta	Kagawad
Kgg. Samantha Nicole A. Banasihan – Ortega	Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Di-nakadalo :

Kgg. Gaudencio P. Macatangay	Pangulo ng Liga ng Barangay, O.B.

KAUTUSAN BLG. 2026-2497

KAUTUSAN NA NAGBABAWAL SA PAGLABAS NANG WALANG SUOT NA PANG-ITAAS NA PANANAMIT O "HUBAD-BARO" SA MGA PAMPUBLIKONG LUGAR SA LOOB NG NASASAKUPAN NG BAYAN NG LOS BAÑOS, LAGUNA, NAGTATAKDA NG MGA PARUSA SA PAGLABAG DITO, AT PARA SA IBA PANG KAUGNAY NA LAYUNIN.

May Akda : Kgg. Benedicto S. Alborida

SAPAGKAT, itinatadhana sa Seksyon 16 ng Republic Act No. 7160 o mas kilala bilang "Local Government Code of 1991" na ang bawat lokal na pamahalaan ay dapat gumamit ng mga kapangyarihang hayagang ipinagkaloob, yaong mga kinakailangang ipahiwatig mula rito, at yaong mga kinakailangan, naaangkop, o kaugnay para sa mahusay at mabisang pamamahala at pagsusulong ng pangkalahatang kapakanan;

SAPAGKAT, sa loob ng kani-kanilang nasasakupan, tungkulin ng mga lokal na pamahalaan na panatilihin ang kapayapaan at kaayusan, pangalagaan ang buhay, kalayaan, at ari-arian, at tiyakin ang kaginhawahan at kapakanan ng kanilang mga mamamayan;

SAPAGKAT, noong Mayo 4, 2026, nakatanggap ang Sangguniang Bayan ng isang liham-endorso mula sa Punong Bayan, Kgg. Mayor Neil Andrew N. Nocon, na nagsusumite ng mga Pinagsamang Resolusyon ng Municipal Peace and Order Council (MPOC) at Municipal Anti-Drug Abuse Council (MADAC) para sa naaangkop na aksyong lehislatibo;

SAPAGKAT, kabilang sa mga iniendorsong resolusyon ang Joint MPOC and MADAC Resolution No. 2026-08 na mariing humihiling sa Sangguniang Bayan ng Los Baños na magpatibay ng isang kautusang nagbabawal sa paglabas nang walang suot na pang-itaas na

pananamit o "hubad-baro" sa mga pampublikong lugar sa loob ng nasasakupan ng bayan, alinsunod sa DILG Memorandum Circular No. 2026-029;

SAPAGKAT, inilunsad ng Department of the Interior and Local Government (DILG) ang programang "Safer Cities Initiative" upang tugunan ang karamihan ng mga krimeng nagaganap sa mga urbanisadong lugar at upang mapalakas ang tiwala ng publiko sa pagpapatupad ng batas;

SAPAGKAT, alinsunod sa DILG Memorandum Circular No. 2026-029, mariing hinihikayat ang lahat ng Lokal na Pamahalaan na magpatibay ng mga kautusang nagbabawal sa paglabas sa mga pampublikong lugar nang walang suot na pang-itaas na pananamit o "hubad-baro";

SAPAGKAT, kinikilala ng Municipal Peace and Order Council (MPOC) ang pangangailangang mapanatili ang kaayusan, disiplina, at wastong pag-uugali sa mga pampublikong lugar gaya ng mga lansangan, pampublikong pamilihan, liwasan, terminal, gusaling pampamahalaan, at iba pang lugar na dinarayo ng publiko;

SAPAGKAT, kinikilala rin ng Sangguniang Bayan ng Los Baños na kinakailangang magbigay ng makatwirang eksepsyon bilang pagsasaalang-alang sa kalusugan, kultura, relihiyon, palakasan, pangangailangan sa trabaho, at mga sitwasyong pang-emergency;

SAPAGKAT, matapos ang masusing pag-aaral at deliberasyon, natuklasan at pinagtibay ng Sangguniang Bayan na kinakailangang ipagbawal ang paglabas nang walang suot na pang-itaas na pananamit o "hubad-baro" sa mga pampublikong lugar upang mapanatili ang kaayusan at maitaguyod ang kinikilalang pamantayan ng disente at maayos na asal sa publiko;

KAYA DAHIL DITO, sa pamamagitan ng mungkahi ni Kgg. Benedicto S. Alborida, na sinang-ayunan nina Kgg. Miko C. Pelegrina at Rand Edouard R. De Jesus, at isang-pusong inaprubahan ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan,

IPINASIYA NG SANGGUNIANG BAYAN NG LOS BAÑOS, LAGUNA SA PULONG NA ITO ANG MGA SUMUSUNOD:

SEKSYON 1. **PAMAGAT.** Ang Kautusang ito ay tatawaging: "Kautusan Laban sa Paglabas nang Walang Suot na Pang-Itaas na Pananamit o Hubad-Baro sa mga Pampublikong Lugar ng Bayan ng Los Baños."

SEKSYON 2. **SAKLAW.** Ang Kautusang ito ay ipatutupad sa lahat ng tao sa loob ng nasasakupan ng Bayan ng Los Baños, Laguna.

SEKSYON 3. **KAHULUGAN NG MGA SALITA.** Para sa layunin ng Kautusang ito, ang mga sumusunod na salita ay binibigyang-kahulugan gaya ng sumusunod:

a. "Hubad-Baro" — tumutukoy sa kalagayan ng isang tao na nasa pampublikong lugar nang walang suot na pangtaas na damit o anumang kasuotang tumatakip sa bahagi ng dibdib o pang-itaas na bahagi ng katawan;

b. "Pampublikong Lugar" — tumutukoy sa mga lansangan, kalsada, daang-barangay, bangketa, liwasan, parke, pampublikong pamilihan, terminal, waiting shed, gusaling pampamahalaan, paaralan, pasilidad ng transportasyon, mga establisyimentong pangkalakalan, at iba pang lugar na karaniwang bukas o maaaring puntahan ng publiko.

SEKSYON 4. **MGA IPINAGBABAWAL NA GAWAIN.** Mahigpit na ipinagbabawal sa sinumang tao ang paglabas, paglalakad, pananatili, o paglagi nang walang suot na pang-itaas na pananamit o "hubad-baro" sa mga pampublikong lugar sa loob ng nasasakupan ng Bayan ng Los Baños, Laguna.

SEKSYON 5. **MGA EKSEMPSYON.** Hindi saklaw ng Kautusang ito ang mga taong kasali o gumaganap sa mga sumusunod na gawain o sitwasyon:

a. Mga gawaing panlibangan at pampalakasan gaya ng paglangoy sa pampubliko o pribadong swimming pool, resort, lawa, o pakikilahok sa mga organisadong palakasan, marathon, athletic events, at iba pang katulad na gawain kung saan ang naturang pananamit ay karaniwan at naaangkop;

b. Mga sitwasyong medikal at pang-emergency kung saan kinakailangang alisin ang pang-itaas na pananamit para sa gamutang medikal, pisikal na eksaminasyon, emergency response, rescue operations, o mga sitwasyong nagbabanta sa buhay;

k. Mga tradisyong panrelihiyon at pangkultura kabilang ang mga ritwal ng katutubo, pagtatanghal pangkultura, tradisyunal na seremonya, prusisyong panrelihiyon, at iba pang katulad na gawain kung saan kinakailangan ang naturang kasuotan o kaugalian;

d. Mga manggagawang manwal, magsasaka, trabahador sa konstruksyon, at iba pang manggagawang nagsasagawa ng mabibigat na gawain sa mga hindi mataong lugar kung saan ang matinding init o konsiderasyong pangkaligtasan ang pangunahing dahilan, subalit kinakailangang magsuot ng wastong pananamit sa pagpasok sa mga pampublikong komersyal, institusyonal, o pampamahalaang lugar;

e. Mga batang pitong (7) taong gulang pababa.

SEKSYON 6. **MGA PARUSA.** Ang sinumang mapatutunayang lumabag sa alinmang probisyon ng Kautusang ito ay papatawan ng mga sumusunod na parusa:

a. Unang Paglabag — Multang nagkakahalaga ng Isang Libong Piso (Php 1,000.00);

b. Ikalawang Paglabag — Multang nagkakahalaga ng Isang Libo at Limang Daang Piso (Php 1,500.00);

k. Ikatlo at mga Sumusunod Pang Paglabag — Multang nagkakahalaga ng Dalawang Libo at Limang Daang Piso (Php 2,500.00) o pagkakakulong nang hindi hihigit sa anim (6) na buwan, o parehong multa at pagkakakulong ayon sa pagpapasya ng Hukuman.

Sa ikatlo at mga susunod pang paglabag, bukod sa mga umiiral na multa at/o pagkakakulong na nakasaad sa Kautusang ito, maaaring ipag-utos ng hukuman ang pagsasagawa ng community service bilang karagdagang o alternatibong kaparusahan, alinsunod sa mga umiiral na batas at regulasyon.

SEKSYON 7. **MGA MAY KAPANGYARIHANG MAGPATUPAD.** Ang Philippine National Police (PNP), Public Order and Safety Office (POSO), mga Opisyal ng Barangay, at iba pang mga awtorisadong kawani ng Pamahalaang Bayan ay binibigyang kapangyarihang ipatupad ang mga probisyon ng Kautusang ito.

SEKSYON 8. **PAGPAPALAGANAP NG IMPORMASYON.** Ang Pamahalaang Bayan, sa pamamagitan ng Municipal Information Office, mga Barangay, at iba pang kinauukulang tanggapan, ay magsasagawa ng mga kampanya para sa pagpapalaganap ng kaalaman hinggil sa mga probisyon ng Kautusang ito.

SEKSYON 9. **SUGNAY NG PAGHIHIWALAY.** Kapag ang alinmang bahagi o probisyon ng Kautusang ito ay ideklarang labag sa Saligang Batas o walang bisa, ang iba pang probisyon na hindi apektado nito ay mananatiling may buong bisa at epekto.

SEKSYON 10. **SUGNAY NG PAGPAPAWALANG-BISA.** Lahat ng mga kautusan, resolusyon, kautusang tagapagpaganap, alituntunin, at regulasyong sumasalungat sa mga probisyon ng Kautusang ito ay pinawawalang-bisa, sinusugan, o binabago alinsunod dito.

SEKSYON 11. **PAGKAKABISA.** Magkakabisa ang Kautusang ito matapos ang labinlimang (15) araw mula sa pagkakapaskil nito sa mga lantad na lugar sa loob ng Bayan ng Los Baños at matapos ang pagsunod sa mga naaangkop na rekisito sa publikasyon.

PINAGTIBAY : Hunyo 8, 2026

PINATUTUNAYAN KO ang Kawastuhan ng Kautusang ito.

DONA T. ALBORIDA – DIZON
Kalihim para sa Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN:

KGG. MARLO PJ A. ALIPON, MPA, REE, RMP
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. NEIL ANDREW N. NOCON
Punumbayan